DepEd ADVISORY No. **18**, s. 2013
In compliance with DepED Order No. 39, s. 2009
this advisory is issued for the information of DepEd officials and personnel
(visit DepEd website at www.deped.gov.ph)
January 28, 2013

AMBAGAN 2013: PAMBANSANG KUMPERENSIYA SA PAGLIKOM
NG MGA SALITA MULA SA IBA'T IBANG WIKA SA FILIPINAS

Ang Filipinas Institute of Translation (FIT), Inc. ay magdadaos ng *Ambagan 2013: Pambansang Kumperensiya sa Paglikom ng mga Salita Mula sa Iba't ibang Wika sa Filipinas* sa Hulyo 25-27, 2013 sa Leong Hall, Ateneo de Manila University (AdMU), Katipunan Avenue, Loyola Heights, Lungsod Quezon.

Ang layunin ng kumperensiya ay ang mga sumusunod:

1. kilalanin ang probisyong pangwika ng Konstitusyong 1987, Artikulo XIV, Seksiyon 6 na: Ang wikang pambansa ng Pilipinas ay Filipino. Samantalang nalilinang, ito ay dapat payabungin at pagyamanin pa salig sa umiiral na mga wika ng Pilipinas at sa iba pang mga wik";
2. magpanukala ng isang estratehiya sa pagpapayaman ng wikang Filipino-ang paghalaw mula sa kaban ng bokabularyo ng iba't ibang wika sa Filipinas upang ilahok sa korpus ng wikang pambansa;
3. maitampok ang mga salitang may natatanging kahulugan sa kultura at kasaysayan ng grupong etnolingguwistiko;
4. mabigyang modelo ang mga gumagamit ng iba't ibang wika sa Filipinas upang sila mismo ay mag-ambag din sa pagpapaunlad ng wikang pambansa;
5. maipasok sa mga diksiyonaryong Filipino ang mga ipapanukalang salita; at
6. matalakay ang mga pakinabang at suliranin ng unang taon ng pagpa-tupad ng batayang edukasyon K to 12.

Ang tagapangulo at miyembro ng kaguruan ng Kagawaran ng Filipino sa bawat paaralan ay inaanyayahang dumalo sa kumperensiyang ito. Maaari ding dumalo ang mga iskolar, estudyante ng wika, araling Filipino, lingguwistika, lexicography, antropolohiya, at mga kaugnay na disiplina sa lahat ng antas ng pag-aaral.

Ang patakaran sa partisipasyon ng mga guro at mag-aaral sa pampubliko at pambribadong paaralan ay naaayon sa no disruption-of-classes policy na nasasaad sa DepEd Order No. 9, s. 2005 na may pamagat *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith.*

Ipadala ang inyong reserbasyon bago sumapit ang **Hulyo 5, 2013** kay **Dr. Michael M. Coroza**, Direktor ng Kumperensiya, Filipinas Institute of Translation (FIT), Inc., Room 2082 Faculty Center, College of Arts and Letters, Universidad ng Pilipinas (UP), Diliman, Lungsod Quezon o tumawag sa mobile phone blg.: 0923-739-5248 o sa telepono blg. (02) 547-1860; telefax blg.: (02) 981-8500 lokal 2250 o kaya magpadala ng mensahe sa mga email addresses: ambagan2013@gmail.com; filipinas.translation@gmail.com

SGC-AMBAGAN 2013
0038-January 22, 2013